Seattle

# Pagpapalawak ng Light Rail ng Sound Transit

# Bumubuo ng Mga Konektadong Komunidad

Nagtatayo ang Sound Transit ng 14 na bagong estasyon ng light rail (tren) na magseserbisyo sa West Seattle sa 2030 at Ballard sa 2035. Ang mga bagong linya ng light rail at dadaanang tunnel sa ilalim ng Downtown, South Lake Union at Seattle Center/Uptown ay ang pinakamalaking pamumuhunan sa sistema ng mga pampublikong sasakyan sa kasaysayan ng ating lungsod.

## Magkasama tayong magplano

- Magbibigay ang bagong serbisyo ng light rail sa iyong kapitbahayan ng mahusay at maasahang opsiyon para maihatid ka sa kailangan mong puntahan.
- Ang mga bagong abot-kayang pabahay at mga negosyong matatagpuang malapit sa mga estasyon ay makakabuo ng sari-saring komunidad na may mas maraming lugar na matitirhan, mapagtatrabahuhan, at mabibilhan.
- Ang pagbawas ng ating pagdepende sa mga kotse at ang pagbibigay sa ating mga residente ng tunay at malinis na alternatibong enerhiya para sa transportasyon ay makakatulong sa atin upan labanan ang pagbabago ng klima.
- Ang pagkakapantay-pantay ng lahi at katarungang panlipunan ay ang pundasyon para sa paggawa ng desisyon ng Lungsod ukol sa mga estasyon.




### Nakikipagtulungan ang Lungsod ng Seattle at Sound Transit sa mga komunidad. Narito kung paano:

**City of Seattle** TUNGKULIN NG

- Nagsisilbi sina Meyor Jenny Durkan at Konsehal Debora Juarez sa Lupon ng Sound Transit na gagawa ng mga pinal na desisyon.
- Planuhin ang mga pabahay, mga negosyo, at mga bukas na espasyo para makapagtayo ng magandang kapitbahayan sa paligid ng mga bagong estasyon.
- Magbigay ng mga permiso sa Sound Transit na magtayo ng mga estasyon at riles.

**SOUNDTRANSIT** TUNGKULIN NG

- Suriin ang potensiyal na paghahanay at mga lokasyon ng estasyon.
- Paunang pagpaplano, pangkalikasang pagsusuri at disenyo ng sistema ng light rail.
- Itayo at patakbuhin ang bagong sistema ng tren.

Alamin ang higit pa sa **seattle.gov/lightrail**

## Iskedyul

**2019**

- **TAGLAMIG:** Mag-oorganisa ang Sound Transit (ST) ng mga talakayan sa komunidad para ibahagi ang mga balita tungkol sa proyektot

**2020**

- **TAGLAMIG:** Makikipag-usap ang Lungsod ng Seattle sa mga grupo ng komunidad sa bawat kapitbahayan ng estasyon
- **TAG-INIT:** Magbabahagi ang ST at ang Lungsod ng mas maraming detalye sa mga pagsasanay sa komunidad
- **TAGLAMIG:** Ilalathala ng ST ang draft ng pangkalikasang pagsusuri ng mga alternatibo at hihingi ng komento

**2021**

- **TAGSIBOL:** Magdedesisyon ang Lupon ng ST ukol sa paghahanay ng riles at mga lokasyon ng estasyon
- **TAG-INIT:** Magpaplano ang Seattle para sa mga pamumuhunan, pabahay, at trabaho sa paligid ng estasyon at sisimulan ang pagbibigay ng permiso sa proyekto

## Maaaring Kailangan ng Karagdagang Pagpopondo

Kumplikado ang pagbubuo ng mga linya ng light rail para sa transportasyon sa mga siksikang kapitbahayan sa lungsod. Interesado ang Lungsod na tulungan ang Sound Transit sa pagbuo ng sistema ng light rail na mapapakinabangan ng mga susunod na henerasyon. May malalaking desisyong gagawin ukol sa mga lokasyon ng estasyon at mga paghahanay. Makikipagtulungan ang Sound Transit at ang Lungsod sa komunidad upang isaalang-alang ang mga kompromiso at pag-aralan ang mga alternatibo para sa pinahusay na sistema.




## Susunod: Pagpaplano sa Paligid ng Mga Estasyon

Pagkatapos matukoy ng Sound Transit ang mga pinal na lokasyon ng estasyon, makikipagtulungan ang Lungsod ng Seattle sa mga komunidad para:

- Planuhin ang mga pagpapahusay sa lakaran, daanan ng bisikleta at bus para tulungan kang makarating sa mga estasyon.
- Tukuyin ang mga oportunidad sa pabahay, pamimili, at bukas na espasyo para makabuo ng abot-kaya at matitirahang kapitbahayan sa paligid ng mga bagong estasyon.
- Magtatag ng mga priyoridad sa pagbibigay-alam sa pagpapalabas ng permiso sa proyekto.

Magbibigay ang Lungsod ng espesyal na atensiyon sa mga epekto sa mga komunidad na di-puti, kung saan madalas na dinaranas ng mga kapitbahayan ang pasanin ng malalaking proyekto sa impraestruktura.

## Manatiling Kabahagi

Matuto tungkol sa mga nalalapit na pagpupulong ng Lungsod at mag-sign up para sa mga update sa: **seattle.gov/lightrail.**

Para sa pinakabagong impormasyon sa Sound Transit, bisitahin ang **soundtransit.org/wsblink.**

## Mga Contact sa Lungsod ng Seattle

**Lauren Flemister, Pagpaplano**
*Office of Planning & Community Development*
206.733.9668 | lauren.flemister@seattle.gov

**Susie Philips, Pakikibahagi**
*Department of Neighborhoods*
206.386.9283 | susie.philipsen@seattle.gov

**Ben Wolters, Transportasyon**
*Seattle Department of Transportation*
206.256.5483 | ben.wolters@seattle.gov

Alamin ang higit pa sa **seattle.gov/lightrail**

Hinihikayat ng Lungsod ng Seattle ang bawat isa na makilahok sa mga programa at aktibidad nito. Para sa tulong sa mga may kapansanan, mga materyales sa alternatibong format, o impormasyon sa pagkakaroon ng access, makipag-ugnayan kay Susie Philipsen | 206.386.9283 | susie.philipsen@seattle.gov sa iyong pinakamaagang libreng oras.